



PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG DI-PANGKARANIWANG PULONG
NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS
NUONG HUNYO 30, 2001, SA SILID PULUNGAN NG
PAMAHALAANG BAYAN**

DUMALO:

Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr	-	Pang. Punong Bayan
		Tagapamatnugot
Kgg. Janet DL. Mercado	-	Konsehal
Kgg. Sharon B. De Leon	-	"
Kgg. Joey T. Calderon	-	"
Kgg. Anastacio V. Alcantara	-	"
Kgg. Arturo R. Valle	-	"
Kgg. Pochollo A. Esguerra	-	"
Kgg. Aldin B. Gatapia	-	"
Kgg. Reggie Lynn R. Gonzaga	-	
Kgg. Archie R. Calderon	-	Pangulo ng Liga ng Sangguniang Kabataan

DI-DUMALO:

Kgg. Andres C. Cruz, Jr	-	Pangulo ng Liga ng Mga Barangay
-------------------------	---	------------------------------------

KAPASYAHAN BLG. 02

**KAPASYAHANG MAPITAGANG NAGPAPAABOT NG MAINIT NA
PAGBATI SA LAHAT NG MGA BAGONG HALAL AT
NAGSIPANALONG PUNONG LALAWIGAN PANGALAWANG
PUNONG LALAWIGAN AT BOKAL SA LALAWIGAN NG RIZAL**

SAPAGKAT, sa pangkalahatang halalan na idinaos nuong Mayo 14, 2001, ang Lalawigan ng Rizal ay nagbigay ng isang makatarungang pagpapasya;

SAPAGKAT, sa laki ng pagtitiwala ng mamamayan sa Lalawigan ng Rizal ay buong ticket ng National People's Coalition (NPC), ang nagtagumpay na mayroong malaking kalamangan, at

SAPAGKAT, ang mga halal na pinagkatiwalaan ng Lalawigan na partikular sa Unang Distrito na sina:

Kgg. Rebecca "Nini" Ynares	-	Punong Lalawigan
Kgg. Teodoro O. Ohara	-	Pangalawang Punong Lalawigan
Kgg. Godofredo C. Valera	-	Bokal

fu

Kgg. Arturo L. Sicat	-	Bokal
Kgg. Cesar B. Villiones	-	" at
Kgg. Zoilo V. Tolentino	-	"

SAPAGKAT, ang bumubuo ng Sangguniang Bayan ng Taytay ay taos pusong makikiisa sa pagpapatupad ng mga programa, adhikain at layunin ng Sangguniang Panlalawigan ng Rizal, lalu't higit sa mga programang nakalaan sa Bayan ng Taytay;

PINAGPASYAHAN, na kagaya ng pagkakapasya, ang lahat at bawat isang mamamayan ng bayang ito sa pamamagitan ng kanilang Sangguniang Bayan ay taos pusong bumabati sa mga bagong halal na bumubuo ng Sangguniang Panlalawigan at dumadalangin na nawa'y iligtas sila ng Diyos sa lahat ng kapahamakan;

PINAGPASYAHAN PA, na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Tanggapan ng Sangguniang Panlalawigan ng Rizal upang kanilang mabatid;

PINAGTIBAY, ngayong ika-30 ng Hunyo, 2001, dito sa Session Hall, Gusaling Pamahalaan Taytay, Rizal.

- - - - -

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan ng nilalaman ng kapasyahang ito, na pinagtibay parin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na di-Pangkaraniwang pulong nang ika-30 ng Hunyo taong 2001 sa bulwagang kapulungan ng gusaling Pambayan ng Taytay.

Ma. Lourdes P. Distor
MA. LOURDES P. DISTOR

Pansamantalang kalihim ng Sangguniang Bayan
 Board Secretary II

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

Fernando R. Cabitac, Jr.
FERNANDO R. CABITAC, JR.

Nanunuparang Pangalawang Punong Bayan
 Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JUNE V. ZAPANTA
 Nanunuparang Punong Bayan